ARALING PANLIPUNAN

Grade 6

Three-Term Budget Of Work (BOW)
for Learning Competencies

ARALING PANLIPUNAN
Grade 6

Three-Term Budget Of Work
For Learning Competencies

Unang Termino	
Pamantayang Pangnilalaman	Naipamamalas ang pag-unawa at pagpapahalaga sa himagsikang Pilipino at sa pakikibaka ng mga Pilipino na makamtan ang kalayaan laban sa Imperyalismong Amerikano.
Pamantayan sa Pagganap	Nakabubuo ng presentasyon na nagpapakita ng pagmamalaki sa pagpupunyagi at pagsulong ng kalayaan ng mga Pilipino laban sa mga Espanyol at Amerikano

Linggo	Kasanayang Pampagkatuto
1	• Natatalakay ang pagkakatatag, layunin, aral at paglaganap ng Katipunan.
2	• Nasusuri ang mga pangyayaring naganap sa Panahon ng Himagsikang Pilipino (1892 - 1896).
3	• Nasusuri ang mga bunga ng pangyayari sa panahon ng Himagsikang Pilipino (1892-1896).
4	• Napahahalagahan ang deklarasyon ng kasarinlan ng Pilipinas at ang pagkakatatag ng Unang Republika.
5	• Natatalakay ang partisipasyon ng kababaihan sa Himagsikang Pilipino.
6	• Natatalakay ang konsepto ng imperyalismo.
7 to 8	• Nasusuri ang pakikibaka ng mga Pilipino sa panahon ng Digmaang Pilipino-Amerikano.
9 to 10	• Nasusuri ang imperyalistang pamamaraang ginamit ng mga Amerikano sa pananakop sa Pilipinas.

Ikalawang Termino	
Pamantayang Pangnilalaman	Naipamamalas ang pag-unawa at pagpapahalaga sa pamamaraan at mga pagbabago sa lipunan sa ilalim ng Imperyalismong Hapones, at ang mga hamong pampolitika at pang-ekonomiya na kinaharap ng mga Pilipino bilang isang malayang bansa hanggang 1986.
Pamantayan sa Pagganap	Nakagagawa ng adbokasiya na nagpapakita ng pagmamalaki sa pagpupunyagi ng mga Pilipino laban sa Imperyalismong Hapones at sa mga hamon ng neokolonyalismo.

Linggo	Kasanayang Pampagkatuto
1 to 2	• Nakabubuo ng kongklusyon tungkol sa pagsusumikap ng mga Pilipino tungo sa pagtatatag ng nagsasariling pamahalaan.
3	• Nasusuri ang polisiya at programa ng Pamahalaang Komonwelt. • Natataya ang mga kontribusyon ng mga natatanging Pilipinong nakipaglaban para sa kalayaan laban sa mga Amerikano.
4	• Natatalakay ang mga layunin at mahahalagang pangyayari sa pananakip ng mga Hapones.
5	• Nasusuri ang mga pagbabagong naidulot sa lipunang Pilipino ng mga polisiya at programang ipinatupad ng mga Hapones.
6	• Nakapagsasagawa ng pananaliksik ukol sa kontribusyon ng pagpupunyagi ng mga Pilipino sa pagkamit ng ganap ng Kalayaan.
7	• Nailalarawan ang kaayusang panlipunan sa Pilipinas matatapos ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig.
8 to 9	• Natatalakay ang mga patakarang pang-ekonomiya ng Pilipinas mula 1946-1986 na nakatali sa

	neokolonyalismo. • Nasisiyasat ang layunin ng mga kasunduang militar sa pagitan ng Pilipinas at Amerika.
10	• Nakabubuo ng konklusyon tungkol sa epekto ng neokolonyalistang pananaw sa kultura at lipunang Pilipino.

Ikatlong Termino	
Pamantayang Pangnilalaman	Naipamamalas ang pag-unawa sa mga suliranin at hamon ng Batas Militar, gayundin sa pagtugon ng mga Pilipino sa mga hamong pangkabuhayan, pampolitika, at panlipunan mula 1987 hanggang kasalukuyan.
Pamantayan sa Pagganap	Nakabubuo ng panukalang programa na tumutugon sa mga hamong pangkabuhayan, pampolitika, at panlipunan bilang isang malayang bansa, kalakip ang pagpapahalaga sa naipanumbalik na demokrasya.

Linggo	Kasanayang Pampagkatuto
1 to 3	• Nasusuri ang mga suliranin at hamon sa kasarinlan at pagkabansa ng mga Pilipino sa ilalim ng Batas Militar.
4	• Nabibigyang-halaga ang kontribusyon ng People Power I sa muling pagkamit ng kalayaan at kasarinlan sa mapayapang paraan.
5 to 6	• Nailalarawan ang kaayusang panlipunan matapos ang EDSA 1.
7 to 8	• Nakabubuo ng konklusyon ukol sa mga hamong politikal ng Pilipinas mula 1987 hanggang sa kasalukuyan.
9 to 10	• Nasusuri ang mga hamong pang-ekonomiya ng Pilipinas mula 1987 hanggang sa kasalukuyan.